

Pebrero 18, 2026

Kautusang Tagapagpaganap 2026-01

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2026-01
KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA PABILISIN ANG PRODUKSIYON
NG BAGONG LIGTAS NA ENERHIYANG NUKLEAR SA ILLINOIS

SAPAGKAT, itinatakda ng Public Act 102-0662, na kilala bilang Climate and Equitable Jobs Act (CEJA), ang layunin ng Estado ng Illinois na magkaroon ng 100 porsiyentong ekonomiya ng malinis na enerhiya sa buong ekonomiya pagsapit ng 2050; at,

SAPAGKAT, bilang pagsusulong ng layuning ito, binigyan ng Estado ng insentibo ang malinis na enerhiya sa napakaraming paraan, sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga umiiral na plantang nuklear; pagbuo ng malalakas na programa sa energy efficiency; at pagtatatag ng isang Renewable Portfolio Standard, na nagresulta sa pagkakaroon ng libo-libong megawatts na mga bagong proyekto sa renewable energy; at sa pamamagitan ng iba't ibang mga hakbang; at,

SAPAGKAT, itinatakda ng Clean and Reliable Grid Affordability Act (CRGA), na kamakailan lamang nilagdaan bilang batas, ang karagdagang tools para magamit ng mga ahensiya ng Estado para matugunan ang mga hamon ng pagtugon sa ating mga layunin sa malinis na enerhiya, kasapatan ng mapagkukunan, at kakayahang mga tunguhin para sa mas abot-kayang presyo; at,

SAPAGKAT, kabilang sa tools na nakasaad sa CRGA ang pag-aalis ng mga paghihigpit sa pagpapatayo ng mga bagong plantang nuklear, pati na rin ang pagbuo ng proseso ng Integrated Resource Planning (IRP) na magpapahintulot sa mga ahensiya ng Estado na matukoy ang dami at uri ng mga mapagkukunan para matugunan ang mga natukoy na pangangailangan at ang mga proseso para sa pagkuha ng mga mapagkukunang iyon; at,

SAPAGKAT, natuklasan ng magkasanib na ahensiya Resource Adequacy Study RA Study) sa pangunguna ng CEJA na ang parehong PJM Interconnection (PJM) at ang Midcontinent Independent System Operator (MISO)—ang mga rregional transmission organization (RTO) sa Illinois na nagdidisenyo at nangangasiwa sa mga pamilihan ng kapasidad—ay inaasahang mahaharap sa mga kakulangan sa kapasidad sa darating na dekada, dahil sa inaasahang paglaki ng load sa mga antas na lampas sa mga naobserbahan sa alinman sa mga pamilihan ng PJM o MISO sa nakalipas na dalawampung taon, maliban kung may mabubuong mga karagdagang bagong mapagkukunan ng kapasidad; at,

SAPAGKAT, binanggit ng RA Study ang mga pila ng interkoneksyon ng RTO bilang isa sa pinakamalaking mga hadlang sa pagdadala ng bagong henerasyon online; at,

SAPAGKAT, natuklasan ng RA Study na ang pinakabagong mga auction sa PJM at MISO ay parehong nagtala ng matataas na presyo ng kapasidad, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang mga mapagkukunan at pagtaas ng mga gastos sa mga mamimili; at,

SAPAGKAT, sa Illinois nabuo ang unang kontrolado at nakapagpapanatili sa sariling nuclear chain reaction sa mundo, sa pangunguna ni Enrico Fermi at ng isang pangkat ng mga siyentista sa University of Chicago noong Disyembre 2, 1942; at,

SAPAGKAT, lumilikha ang Illinois ng mas maraming elektrisidad mula sa enerhiyang nuklear kaysa sa ibang estado, na isang-kawalong bahagi ng kabuuang produksiyon ng enerhiyang nukleyar ng bansa at, noong 2024, ang anim na planta ng enerhiyang nukleyar ng Illinois, na may labing-isang kabuuang reaktor, ay nakalikha ng 53% ng netong produksiyon ng elektrisidad ng estado; at,

SAPAGKAT, ang paglikha ng enerhiyang nukleyar ay nagbibigay ng maaasahan at walang carbon na elektrisidad na nagtatampok ng mga katangian ng kasapatan ng mapagkukunan na kapaki-pakinabang sa pagsisikap ng Estado ng Illinois na matugunan ang lumalaking pangangailangan sa elektrisidad at mapaunlad ang ekonomiya sa paraang naaayon sa mga layunin sa kapaligiran ng Estado; at,

SAPAGKAT, para mapadali ang pagpapatayo ng unang mga bagong plantang nuklear sa Illinois sa loob ng 40 taon, kinakailangang maunawaan ang potensiyal para sa bagong produksiyon ng enerhiyang nuklear, ang pagpapalawak ng umiiral na produksiyon ng enerhiyang nuklear, at mga pagpapahusay sa umiiral na produksiyon ng enerhiyang nukleyar sa Estado; at,

SAPAGKAT, ang pagsusulong ng pag-unawang ito ay makakatulong din upang matiyak ang sapat, maaasahan, abot-kaya, episyente, at sustenibleng serbisyo ngelektrisidad sa kapaligiran sa pinakamababang kabuuang gastos sa paglipas ng panahon para sa mga residente ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang isang Notice of Inquiry (NOI) ay isang kritikal na kasangkapan na hindi lang nagbibigay-daan para sa analitikong pangangalap ng impormasyon kundi pati na rin sa pagsusuri at pagbuo ng mga naisasagawang solusyong nakabatay sa merkado habang pinapadali ang pagtuklas ng impormasyon mula sa iba't ibang mga partido, na nagpapahintulot sa pampublikong paggamit ng impormasyon sa nagpapatuloy na mga proseso ng Integrated Resource Planning (IRP), at nagpapahintulot para sa patuloy na mga talakayan sa lahat ng interesadong stakeholder; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Commerce Commission (ICC) ay may mahabang kasaysayan sa paggamit ng mga Notice of Inquiry para kritikal na suriin ang impormasyong kinakailangan para epektibong hubugin at iposisyon ang patakaran sa enerhiya ng Illinois sa hanay ng mahahalagang usapin tulad ng pagtukoy sa gastos at mga benepisyo ng pagiging miyembro ng RTO, kahandaan ng mga utilidad ng Illinois para sa malalalang kalamidad, matagumpay na mga pamamaraan para sa kapaki-pakinabang na elektripikasyon ng ekonomiya ng Illinois, pagtiyak sa abot-kayang presyo ng enerhiya, at pagsusulong ng mga estratehiya sa mga merkado ng enerhiya ng Illinois na idinisenyo para hikayatin ang pamumuhunan sa imprastruktura at paglago ng trabaho para sa mga nagtatrabahong kababaihan at kalalakihan ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Commerce Commission at ang Illinois Power Agency (IPA) ay dalubhasa sa patakaran sa enerhiya na nagbibigay sa kanila ng magandang posisyon para magamit ang Notice of Inquiry para suriin at iharap ang kanilang mga natuklasan kasama ang mga patakarang kinakailangan para maimpluwensyahan ang kasalukuyan at hinaharap na mga merkado ng enerhiya sa Illinois, kabilang ang papel na maaaring gampanan ng bagong enerhiyang nuklear para matiyak ang sapat, maaasahan, abot-kaya, episyente, at sustenible sa kalikasan na serbisyo ng elektrisidad sa pinakamababang kabuuang gastos sa paglipas ng panahon para sa mga residente ng Illinois;

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, sa bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Konstitusyon ng Illinois at ng mga batas ng Estado ng Illinois, ay hinihiling ang sumusunod:

- I.** Na ang Illinois Power Agency at ang Illinois Commerce Commission, sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, at pagkatapos ng konsultasyon sa iba pang angkop na mga ahensiya ng Estado, ay magbigay ng NOI sa potensiyal na mga developer ng mga bagong pasilidad sa pagbuo ng enerhiyang nuklear na mapakikinabangan ng mga residential ratepayer sa Illinois, na maaaring maglaman ng, ngunit hindi limitado sa, sumusunod na impormasyon:
 - a. Laki sa megawatts ng nameplate capacity at uri ng teknolohiya ng mga iminungkahing plantang nuklear kabilang ang anumang paggamit ng teknolohiya ng maliit na modular reactor;
 - b. Mga opsiyon sa pagpopondo at mga balangkas para sa bawat iminungkahing plantang nuklear, kabilang ang anumang hiniling na mga kredito sa malinis na enerhiya o iba pang sumusuportang polisiya ng estado, at kung ang iminungkahing plantang nuklear ay co-located ng o kung hindi man ay direktang ibinebenta sa load;
 - c. Mga potensiyal na lokasyon para sa bawat plantang nuklear, kabilang ang kung mapapasailalim ang pasilidad sa isang Equity Investment Eligible Community;
 - d. Framework ng alokasyon ng risk sa pananalapi;
 - e. Pagkakaroon ng interkoneksiyon ng mga grid;
 - f. Inaasahang gastos at takdang panahon para maisagawa ang operasyon ng plantang nuklear;
 - g. Kung nakadisenyo ang proyekto para matugunan ang partikular na mga pangangailangan sa kasapatan ng mapagkukunan sa Illinois;
 - h. Kung nakadisenyo ang proyekto para suportahan ang pag-unlad ng ekonomiya ng Illinois;
 - i. Mga pangangailangan sa tubig para sa iminungkahing plantang nuklear at mga opsiyon na magagamit para sa itinalagang mga lokasyon;
 - j. Mga pangangailangan sa lakas-paggawa, kabilang ang anumang pangangailangan sa pagsasanay sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa, mga programang ibibigay ng developer, o mga pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng lakas-paggawa o paggawa;
 - k. Anumang pakikipag-ugnayan sa mga potensiyal na komunidad na may lokasyon ng plantang nuklear at anumang inaasahan o iminungkahing benepisyo sa mga komunidad na may lokasyon ng plantang nuklear;
 - l. Mga plano sa lifecycle ng fueling, kabilang ang mga plano para matugunan ang mga pangangailangan sa fueling at ligtas na pangangasiwa ng pagtatapon ng basura;
 - m. Kung ang anumang mga panukalang kasama sa isang NOI na tugon ay maaaring mangailangan ng bagong batas para maipatupad; at
 - n. Iba pang impormasyong itinuturing na kinakailangan ng IPA at ng ICC para matugunan ang partikular na mga pangangailangan sa kasapatan ng mapagkukunan sa Illinois;
- II.** Na tiyakin ng IPA at ICC na matugunan din ng NOI ang potensiyal na pagpapalawak ng o mga uprate sa mga site na naghahanap ng katulad na impormasyon, kung naaangkop, sa mga item a-n, sa itaas;
- III.** Na magbigay ng ekspertong kaalaman sa paksa ang University of Illinois mula sa Nuclear, Plasma, at Radiological Division sa Grainger College of Engineering nito para suportahan ang IPA at ICC;

- IV.** Na isaalang-alang ng IPA ang mga pangangailangan at kapasidad ng mga tauhan at konsultant na maaaring maranasan ng ahensya sa darating na 12 hanggang 36 na buwan para matiyak na may sapat itong saklaw at kadalubhasaan na kinakailangan para mapadali ang development ng produksiyon ng bagong enerhiyang nuklear, ang pagpapalawak ng umiiral na mga plantang nuklear, o mga uprate sa mga umiiral na mga plantang nuklear, kabilang ang potensiyal na pagtatatag ng mga bagong tungkulin o ang pagbuo ng mga bagong core competency;
- V.** Na maglabas ang ICC, pagkatapos ng konsultasyon sa iba pang mga ahensiya ng Estado kung naaangkop, ng pangalawang NOI na humihiling ng impormasyon mula sa mga komunidad na interesado sa pagho-host ng isang bagong plantang nuklear para makatukoy ng kahit isang lugar na may malakas na potensiyal na mag-host ng naturang pasilidad; ang naturang NOI ay maaaring humiling ng, ngunit hindi limitado sa, impormasyon tungkol sa magagamit na lupa, magagamit na tubig at mga gastos dito, anumang lokal na katangian ng pag-unlad ng ekonomiya, suporta mula sa mga miyembro ng komunidad at mga pangunahing stakeholder, pagkakaroon ng imprastraktura ng interkoneksiyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mula sa mga retirado at paparetiro nang mga planta ng enerhiya, at iba pang impormasyon na itinuturing ng ICC na kinakailangan;
- VI.** Na ang impormasyong nakalap mula sa mga NOI na inilarawan sa itaas ay isasama sa mga deliberasyon para sa proseso ng IRP na kinakailangan sa ilalim ng CRGA; gayunpaman, ang impormasyong nabuo sa pamamagitan ng mga NOI ay hindi dapat ipagpalagay na magdidikta ng anumang partikular na resulta ng IRP;
- VII.** Na bumuo ng isang inter-agency working group ang IPA, ICC, Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO), Environmental Protection Agency (IEPA), Department of Natural Resources (IDNR), Emergency Management Agency-Office of Homeland Security (IEMA-OHS), Department of Labor (IDOL), at iba pang ahensiya kung kinakailangan, kasama ang sistema ng University of Illinois, para magbigay ng ulat sa Tanggapan ng Gobernador sa loob ng 120 araw mula sa pag-post ng NOI sa mga potensiyal na developer, na tutugon sa sumusunod na mga isyu patungkol sa development ng produksiyon ng bagong enerhiyang nuklear o mga uprate na may kabuuang kapasidad na hindi bababa sa dalawang Gigawatts, na magsisimula ang konstruksiyon pagsapit ng 2033:
- a. Isang pagsusuri ng umiiral na awtoridad na nagpapatupad ng batas at regulasyon na nakakaapekto sa mga bagong plantang nuklear;
 - b. Anumang mga rekomendasyon para sa mge regulasyon sa kaligtasan, kapaligiran, interkoneksiyon, o iba pa na kakailanganin para mapadali ang pagbuo ng isang bagong pasilidad sa produksiyon ng enerhiyang nuklear;
 - c. Anumang mga pamamaraan sa pagkuha na kailangang gamitin o baguhin ng Estado para sa bagong plantang nuklear, bukod sa mga probisyon ng CRGA; at
 - d. Mga pamamaraan para suriin ang mga panukala para sa mga bagong plantang nuklear, kabilang ang pagsasaalang-alang sa abot-kayang presyo at proteksiyon ng mga kustomer; panandalian at pangmatagalang panganib sa Estado at mga kustomer ng utilidad; mga isyu sa interkoneksiyon; at iba pang mga isyung itinuturing na naaangkop ng mga ahensiya.

Sa pagbuo ng impormasyong ito, maaaring kumonsulta ang mga ahensiya ng Estado sa mga panlabas na grupo kung kinakailangan, kabilang ang Illinois Economic Development Corporation, mga interesadong negosyo at organisasyon ng negosyo, mga kinatawan ng paggawa, at mga lokal na opisyal;

- VIII.** Na ang interagency working group, sa loob ng 120 araw mula sa pag-post ng NOI, ay magbigay sa Tanggapan ng Gobernador ng anumang draft na lehislatibong wika na naaangkop para pahintulutan ang pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng ulat;
- IX.** Na ang ICC, DCEO, at iba pang mga ahensiya ng Estado, kung kinakailangan, ay magsagawa isang talakayang nakatuon sa research and development tungkol sa mga bago at umuusbong na paksa sa produksiyon ng enerhiyang nuklear kasama ang mga pambansang laboratoryo at institusyon ng pananaliksik sa Estado; ay maaaring kabilang ngunit hindi limitado sa mga paksang ito ang sumusunod: maliliit na modular reactor (SMR), mga uprate, nagamit na fuel, paggamit ng tubig at mga teknolohiya para sa mga plantang nuklear, at iba pang itinuturing na kinakailangan;
- X.** Na ang ICC ay makipagtulungan sa parehong mga naapektuhang entidad na nagseserbisyo ng karga at sa mga Regional Transmission Organizations/Independent System Operators (RTO/ISO) upang matiyak ang kakayahan ng anumang potensiyal na proyekto sa produksiyon ng bagong enerhiyang nuklear na maikonekta sa grid, at tugunan ang anumang mga isyung pinansiyal, teknikal o legal na pumipigil sa napapanahon at kapaki-pakinabang na interkoneksiyon sa ekonomiya; maaaring kasama sa naturang kolaborasyon ang, ngunit hindi limitado sa, pakikipagtulungan sa isang RTO/ISO para mapabuti ang mga proseso ng pag-aaral ng interkoneksiyon para sa mabilis na interkoneksiyon ng mga bagong mapagkukunan o para matiyak ang elihibilidad ng produksiyon ng bagong enerhiyang nukleyar sa anumang pinabilis na mga landas ng interkoneksiyon na inaalok ng mga RTO;
- XI.** Na tasahin ng DCEO ang mga posibleng pangangailangan ng mga manggagawa para suportahan ang pagtatayo at pagpapatakbo ng mga bagong plantang nuklear at bumuo ng isang plano para matugunan ang anumang naobserbahang kakulangan sa kinakailangang mga mapagkukunan ng pagsasanay;
- XII.** Na isaalang-alang ng DCEO sa badyet ng FY27 ang pagpopondo ng isang akademya para sa pagsasanay sa pagmanupaktura ng supply chain ng enerhiyang nuklear; at
- XIII.** Na bumuo ang DCEO ng ulat sa supply chain ng enerhiyang nuklear na tumutukoy sa mga kompanya sa Illinois na handa para sa pagpapalawak at paglago pagsapit ng Setyembre 2026. Sa pagbuo ng ulat na ito, makikipag-ugnayan ang DCEO sa sistema ng University of Illinois, Illinois Economic Development Corporation, Illinois Manufacturing Excellence Center, Illinois Manufacturing' Association, at anumang iba pang asosasyon ng negosyo kung naaangkop.
- XIV. Savings Clause.** Walang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ang dapat na ipakahulugan na salungat sa anumang batas o regulasyong pederal o ng Estado. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa umiiral na mga kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensiya ng Estado.
- XV. Severability.** Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idinedeclarang severable.
- XVI. Petsa ng Pagkabisa.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Pebrero 18, 2026
Inihain sa Kalihim ng Estado: Pebrero 18, 2026